

PROLOGUE

Who would forget a woman with a name like Sydney Austria? One always have to be reminded that Sydney is in Australia, and not in Austria.

Nakilala ko siya habang nanonood ng NCAA football championships sa Rizal Stadium, kung saan magkalaban ang mga colleges namin. Her long, loose black hair was as wild as the way she jumped and cheered for their team, and obviously, for a particular player—their star midfielder.

At dahil football fan ako at noong mga panahong iyon ay puno ng Bedan spirit, ugali ko na talaga ang mang-asar pati ng fans ng kung sinumang makakalaban naming team.

But the sight of the pretty girl who would shamelessly wave pompoms up in the air as she screamed her favorite player's name rendered me speechless. Nawala na sa laro ang konsentrasyon ko, at ang pinanood ko na lang sa buong match ay ang katabi kong tila walang pakialam kahit napapaligiran siya ng rabid Bedan fans. Hindi ko nga alam kung bakit at paano siyang naligaw sa grupo ng kalaban ng college nila.

Like A Magic Spell - Sachi Bliss

None of my fellow Reds seemed to mind though, because we won. Nang makita ko ang lungkot sa mukha niya, parang gusto kong kunin ang isa sa mga medals na isinasabit sa mga players at ibigay iyon sa kanya.

She was not a sore loser, though. Dahil kahit natalo sila ay nakangiti pa rin siya, at parang hindi man lang nabawasan ang paghanga sa middlefielder nila. Ang middlefielder nilang nang lapitan niya ay tila naalibadbaran pa siyang itinaboy.

Kung hindi lang siguro ako natatakot na baka magkagulo ay sinugod at sinapak ko na ang mayabang na iyon. Parang nasaktan din ako nang makita ko kung paano siyang namutla, at agad nangilid ang luha. Ni hindi man lang siya inalo ng gagong middlefielder, sa halip ay iniwan pa.

If earlier she was a freaking dynamo, now she looked like deflated birthday balloon. Nalaglag na ang pompoms sa damuhan habang pilit pa niyang pinipigil umiyak. Yet her shoulders shook.

I didn't care if my friends were already calling me, I couldn't stand the sight of her, alone and crying while the rest of us cheered. Lumapit ako sa kanya, pinulot ang pompoms, at sinabing: "Kung may award para sa best cheerleader, siguradong panalo ka na."

Like A Magic Spell - Sachi Bliss

Hindi ko makakalimutan ang ngiting isinagot niya kahit naluluha pa. I took her hand, asked for her name, had a good laugh about it, and asked her to join me and my friends. Over burgers and fries, naglabas siya ng sama ng loob kay Mr. Middlefielder.

That started a friendship, which turned into something sweeter over time.

Who would forget a name like Sydney Austria? Not me, definitely. For besides having the most interesting name among my ex-girlfriends, she also holds the distinction of being the first and only one who has ever dumped me.

And it is because of that stupid asshole of a middlefielder.

1

Pababa pa lang si Sydney sa kapa-park na *Mercedes-Benz* hearse sa gilid ng main building sa Austria compound ay sinalubong na siya ng head ng security team nila na si Mang Kanor.

“Sydney, nariyan na ’yung mga kaanak ng namatay na nai-text ko sa ’yo kaninang sinundo n’yo ng service sa East Avenue. Kukunin daw nila ang *Saint Matthew*,” tukoy nito sa isa sa apat na viewing halls nila, at ang natitirang hindi pa okupado para sa linggong iyon.

Tumango siya bago isinara ang pinto ng sasakyan. “Salamat po, Manong. Naghapanan na po ba kayo?” Magkasabay silang naglakad patungo sa main building ng *Austria Funeral Services*, ang negosyong minana pa niya sa tiyuhing kumupkop at nagpalaki sa kanya.

“Tapos na, Ineng. Salamat. Pinatuloy ko na sa opisina iyong mga kaanak at naroon na din si Robin.” Ang night shift office manager niya ang tinutukoy nito.

Nang maihatid siya ng nakatatandang lalaki sa

entrance ng building ay nagpaalam na itong babalik sa puwesto sa gate upang asikasuhin ang ibang sasakyang papasok na dadalaw sa ibang patay na nakaburol sa kanilang viewing halls ngayon.

Limang taon na ring si Sydney ang solong namamahala ng *AFS*, dahil wala ni isa sa tatlong anak ng namayapang Tito Wally niya ang may gustong asikasuhin iyon. Sa edad na labintatlo ay naulila siya nang sabay na mamatay sa aksidente ang kanyang mga magulang, kaya kinupkop na siya ng natitirang kaanak sa Pilipinas ng kanyang papa, ang Tito Wally nga niya. Kahit may tatlong anak na ito mula sa asawang maaga ring pumanaw ay itinuring siya nitong parang anak, at minahal din siyang parang bunsong kapatid ng kanyang mga pinsan.

Wala siyang naging hinanakit sa mga ito kahit kailan, at ni minsan ay hindi siya nailang o nahiya sa klase ng negosyong bumuhay at nagpaaral sa kanila ng mga pinsan niya. Kaya nang malaman niyang sa kanya iyon ipinamana ay natuwa pa siya.

She also didn't mind taking care of it dahil sa ibang bansa na nagtatrabaho ang kanyang mga pinsan. Besides, she was her own boss here and didn't have to deal with corporate politics if she decided to just make use of her advertising degree.

Hindi naging hadlang kahit kailan sa social life ni Sydney ang pagiging funeral director dahil hindi rin naman siya palalabas. Kontento na siya sa ilang malalapit na kaibigang karamihan ay mga kapitbahay niya sa tinitirhang mid-rise apartment complex na nasa kabilang kanto lang.

Overall, life was good. Not quite normal, but good. At sa tingin niya ay wala na siyang mahihiling pa.

Not even a love life, Sydney? biglang pangungulit ng munting tinig sa utak niya.

She shook her head. She'd been done with love, years and years ago. Dahil gaya ng mga walang buhay na sineserbisuhan nila ay nag-*rigor mortis* na rin yata ang puso niya.

Marahang itinulak ng dalaga ang mabigat na oak door ng kanilang opisina. Nakahanda na ang kanyang sympathetic ngunit professional na ngiti, at ang spiel na palaging ginagamit niya upang kaagad na ipakilala sa bawat kliyente kung bakit tama ang desisyon ng mga itong piliin ang *AFS*.

Ngunit tila na-suspend sa ere ang ngiti niya nang makita ang lalaking tumayo mula sa checkered sofa ng mini-reception area nila.

How could she ever forget that face? Those thick brows, the piercing eyes, the perfect nose, the luscious lips? Ilang taon ba niyang parang tangang pinangarap iyon?

Pero hindi gaya ng dati na sa isang tingin pa lang nito ay tila natutunaw na siya, ngayon ay matapang niya iyong sinalubong. He still possessed that understated arrogance, that commanding stance. Ang kaibahan lang ay hindi na siya nasisindak sa ganoon.

“Good evening,” bati niya sa pormal na boses, sabay abot ng kamay rito. “I’m Sydney Austria,” dagdag niya.

Kung dati ay natatawa siya sa sariling pangalan, ngayon ay nasasabi na niya iyon na nananatiling neutral ang kanyang mukha.

Hindi nawawala ang bahagyang pangungunot ng noo ng lalaki habang nakatingin sa kanya. He took her hand. She was expecting an abrupt, firm shake, but it was warm and gentle. “Good evening Miss Austria. I’m Wesley Rodriguez.” And seemed to want to linger.

Binawi niya ang kamay at iniabot iyon sa kasama nitong binatilyo na nakasuot ng Nursing uniform na mukhang shocked pa.

Inakbayan iyon ni Wesley. “This is Emil. Anak siya ng namatay, na kaibigan at driver ko naman.”

Tumango siya bago napatingin sa taong kalalabas lang mula sa kanilang maliit na meeting room, si Robin. “Ready na ang presentation, Sydney.”

“Sumunod kayo sa akin,” aniya bago nagpatiuna sa mga ito. Hindi niya alam kung paanong napanatiling kalmado ang sarili. Ganoon na ba siya kapusong bato?

This man, whose eyes she could feel followed her every move now, was *the* Wesley Rodriguez.

Or in the words of her ex-turned-good friend Connor—*the f*cking middlefielder*.

“That was quite a deal you have there,” ani Wesley nang maiwan na sila sa entrance ng opisina ni Sydney. Sinamahan ni Robin si Emil sa chapel upang matingnan ang ginagawang ayos doon. Kasalukuyang nasa morgue sa basement ang labi ng ama nito at ineembalamo.

“Just continuing what my uncle started. “Hindi ko rin inakalang mapupunta ka sa ganitong negosyo, considering how you were back in college,” dagdag pa nito. His face was serious, almost grim. Ngunit

hindi iyon nakabawas man lang sa kaguwapuhan ng lalaki. Ang hindi lang niya maintindihan ay kung bakit parang may pang-uuyam sa tono nito. Para itong galit na tinutuya siya na di mawari. What did she care, anyway?

“I guess this is better than dealing with the living,” aniya bago namulsa at mataman itong minasdan. “Is there anything else you wish to discuss, Mr. Rodriguez?”

Umiling ito. “Wala na... well, nasa opisina ka lang ba madalas?”

Umarko ang isang kilay niya. “During the day, yes. Why?”

“Nothing.” Tumingin ito sa relo.

“Okay, good night,” sabi niya at tinalikuran na si Wesley. Mabilis ang lakad ni Sydney palabas ng compound. Bahagya lang siyang nakapagpaalam sa mga guwardya bago binagtas ang daan patungo sa kabilang kanto kung saan naroon ang *Brighton Place* where she owned a two-bedroom flat.

Sydney should be congratulating herself. Dahil sa kauna-unahang pagkakataon simula nang makilala niya si Wesley ay hindi siya mukhang engot sa presence nito. Nagawa pa niya itong basta layasan

Like A Magic Spell - Sachi Bliss

nang hindi siya nagi-guilty at talagang nililingon pa ito.

Pero paano naman siyang magdiriwang kung ngayon, habang naglalakad siya palayo sa kung saan niya ito iniwan, ay noon naman nagsisimulang kumabog ang dibdib niya?

Hindi pala *rigor mortis* ang puso niya. Dormant lang. *Bad trip*.

2

Halos isang araw na ang lumipas, pero hindi pa rin mawala sa isip ni Wesley ang naging muling pagkikita nila ni Sydney Austria. Who would forget that strange, confusing name, anyway? Ngunit hindi rin niya inaasahang muli niya itong makikita. Simula noong mag-graduate siya sa kolehiyo ay wala na siyang nabalitaang kahit ano rito.

Not that he wanted to keep himself updated about her then, anyway. He was two years ahead and he didn't have time nor the energy for someone as boisterous and loud as Sydney. Especially not Sydney.

Hindi nga niya inakalang konektado ito at siyang general manager pa pala ng puneraryang ngayon ay magseserbisyo sa itinuring niyang nakatatandang kapatid at matagal nang driver na si Kuya Mario na kamamatay lang dahil sa sakit sa puso. His family lived in the Diliman area at ang *AFS* ang kaisa-isa at matagal nang pinagkakatiwalaang punerarya roon. He had no objections, really, and he even wanted to pay for everything.

Hindi lang niya inaasahang sa dinami-dami ng lugar na makikita niyang muli ang babaeng literal na

palaging gumugulo sa tahimik niyang buhay noon, sa opisina pa ng isang funeral home. At sa sandali pang nagdadalamhati siya sa pagkamatay ng isang kaibigan.

Sydney looked out of place last night in her pastel pink collared shirt, faded straight cut jeans and white trainers. Medyo magulo pa ang ngayon ay maikli nang buhok nito. But she exuded such authority and confidence like that of a seasoned business owner. Kung dati ay palagi niyang nakikita ang mga ngipin nito dahil wala yatang segundong hindi ito nakangiti sa kanya, ngayon ay parang sobrang effort na rito ang kumurba man lang ang mga labi sa isang ngiti.

Yet those full, luscious lips still looked as inviting as they always have. And her huge, sleepy eyes still looked as seductive. Kung noong payat pa ito at nene pa ang hitsura ay maganda na ito, ngayon ay parang lalo lang itong naging kaakit-akit. Sydney may be such a nuisance then, but nobody would say she was not a very attractive woman.

Hell, why can't I get her off my head? Naihampas niya ang kamay sa manibela ng dina-drive na *Toyota Fortuner*, na noon ay nakahinto sa isang stoplight paglampas ng *Ateneo de Manila University* sa Katipunan. Kagagaling lang niya sa trabaho bilang

senior project analyst sa *Asian Development Bank* sa Ortigas at ngayon ay papunta sa Austria compound para sa unang gabi ng burol ni Kuya Mario.

Hindi niya dapat pinag-iisip si Sydney. Hindi tamang hinahayaan niya itong muling guluhin ang buhay niya, gayong hanggang ngayon ay pinapahirapan pa rin siya ng gulong inumpisahan nito dati pa. Pero nang makapasok ang sasakyan ni Wesley sa Austria compound ay ito rin kaagad ang una niyang hinanap.

“Maaga po siyang umaalis pag Tuesday at Friday, Sir. May ina-attend-an po kasi siyang lessons doon din sa tinitirahan niyang apartment complex,” saad ng office manager na si Robin.

“And where is that?” kaswal na tanong niya habang kunwa ay iginagala pa ang tingin sa opisinang mas mukhang sa nag-aayos ng debut o kasal kaysa punerarya.

Tila atubili ang lalaki na magbigay ng impormasyon. “Sandali lang, Sir. Ite-text ko muna.”

“All right, babalikan na lang kita dito. Dadaan muna ako sa viewing room,” sabi niya na tinanguan lang ni Robin. Puno ng mga kaibigan at kaanak ni Kuya Mario ang burol nito nang abutan niya sa

chapel. The place also looked and smelled clean, everything seemed to be in place, at may dalawa ring attendant na nagbabantay roon. So far ay satisfied si Wesley sa serbisyo ng *AFS*.

Matapos kausapin ang maybahay at mga anak ng kaibigan ay muli niyang binalikan si Robin, na noon ay nakangiti na sa kanya.

“Puwede n’yo daw po siyang i-meet, Sir. Sa *Brighton Place* lang po diyan sa kabilang kanto. Hanapin n’yo lang po ’yung *Footworks* sa building two,” pagbibigay-alam nito.

Nagpasalamat siya at lumabas na. Nilakad lang niya ang distansya patungo sa sinabi nitong lugar. The place was a bigger, more spacious compound that looked like a friendly place to live in. Nahanap kaagad niya ang sinasabing *Footworks* na napagalaman niyang dance studio pala. Tumaas ang kilay niya.

Ballroom. Hiphop. Jazz. Pole. Iyon ang nakasulat sa salaming double doors nito. Parang nahiya tuloy siyang pumasok. Mabuti na lang at nakita niyang may reception area pala. Itinulak niya pabukas ang pinto. The place smelled not of sweat, but fresh lilies.

Kaagad siyang binati ng isang babaeng nakasuot

ng leotards at mahabang loose skirt, at may mataas na ponytail. Gelli raw ang pangalan nito. “You interested in any lesson? Or one of our dancers?” she grinned.

“Neither,” he smiled. “Nariyan pa ba si Sydney?”

Nangislap pang lalo ang mga mata nito. “And you say hindi ka man lang interested kay Sydney?” Napailing ito bago tinungo ang nakabukas na malaking pinto sa kaliwa at may tinawag doon. “Miss Austria! May naghahanap sa iyo!”

“Buhay o patay?” tanong ng isang maarteng boses-lalaki. Tawanan ang kasunod niyon.

Napangiti siya. Malamang ay running joke na sa mga nakakakilala sa babae ang trabaho at negosyo nito.

“Buhay na buhay! Nakakabuhay ng namayapang katawang-lupa, Girl! Guwapo! Labas na!” tawag pa ni Gelli bago bumaling sa kanya at kumindat.

“Coming! Tell him to wait. Five minutes!” narinig niyang sabi ni Sydney sa medyo hinihinal pang boses.

Umarko ang isang kilay ni Wesley. That was definitely Sydney ngunit iba ang narinig niya ngayon sa nakausap nang nakaraang gabi na pormal at

professional. She now sounded more like the Sydney he knew, and damn, she sounded hot when breathless.

“Huwag ka nang maligo, ano ba? Mamaya na, maganda ka pa rin naman,” tawag muli ni Gelli bago napapailing na bumalik sa likod ng reception counter.

Ilang sandali lang ay lumitaw na sa pinto si Sydney. She had on loose white shirt with some parts of it clinging to her body, and gray yoga pants. Medyo pawisan ito at halatang madalian lang sinuklay ang hanggang leeg na buhok. She was panting as if she just ran a mile and man, did she look hot!

Pero nangunot ang noo nito nang makita siya. “Is there anything you wish to discuss with me, Mr. Rodriguez? Hindi nasabi sa akin ni Robin kung bakit mo ako hinahanap.”

Ilang sandaling minasdan ito ng binata bago niya nahanap ang boses. “I was...” *Damn!* Bakit nga ba niya ito kailangang makausap? May pakay ba talaga siya sa babae o gusto lang niyang makita?

Kailan pa siya nawalan ng sasabihin sa harap ni Sydney? “Uh, just want to talk to you about... payments.”

Tumaas ang isang kilay ng babae habang dinadampian ng towelette ang gilid ng leeg. “Oh...

hindi naman kami nagmamadali sa ganoon. Dependeng rin kasi sa kakayahan ng kliyente kung sisingilin na namin kahit deposit,” sabi nito bago sandaling nag-type sa nakabukas na laptop sa reception counter pagkatapos ay nagpaalam na kay Gelli.

Nag-unahan pa silang mabuksan ang pinto at ito ang nanalo. “Anyway, nakausap ko din kanina ’yung asawa ng namatay at nag-inquire din nga sa payment terms. Nagbigay ako ng quotation at breakdown. May printed copy pa siya.” Mabilis ang paglalakad nito.

“That’s the thing. Ako ang sasagot ng lahat. I can pay for everything as soon as tomorrow, pero ipapakiusap ko lang na huwag mong sasabihin sa kanila hanggang sa matapos na ang libing,” aniya habang sinasabayan ito.

Halos talunin ni Sydney ang ilang baitang sa labas, pababa ng building. “That’s nice.” Huminto ito sa tapat ng isang restaurant sa katabing building. “Nag-dinner ka na ba? Nasa loob ang gamit ko at may mga kopya ako doon ng payment options at schedule.”

“You’re asking me to dinner?” he smiled.

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Didn’t you hear me?” Muli ay ito ang nagbukas ng pinto para

sa kanila. “At puwede kang tumanggi.”

“Wala akong naaalalang may ganoong option para sa ’yo, basta ginusto mo.”

Ilang segundo siya nitong tiningnan. “Actually, that’s a common misconception, just because I was...” she sighed, “the way I was before. I’m actually good at handling rejections.” Kinuha nito ang menu folder na iniabot ng staff na sumalubong sa kanila at ibinigay iyon sa kanya. Itinuro nito ang mesa sa isang sulok. “Sit there. Kukunin ko lang ang gamit ko.”

He just looked at her. Sydney had never been able to tell him to do anything before. If she did, it was always with a *please*, a sheepish smile and puppy eyes while she blushed. Ngayon ay parang bale-wala na lang dito kung manduhan siya.

Hindi niya alam kung gusto o naiinis siya roon.

“Mr. Rodriguez?” untag nito.

“Yes?” he blinked. Bakit ba nag-space out siyang bigla? “It’s Wesley.”

“Wesley,” walang emosyong ulit nito bago tumango sa direksyon ng mesa sa sulok. “Wait for me.”

And even if he swore years ago that it was the

last thing he would ever do for her, he just found himself heading to that corner.

What the heck was going on?

“Oye, F*cking Middlefielder in the house!”

“Shh!” saway ni Sydney kay Connor habang kinukuha niya ang backpack at expandable folder na iniabot nito. Nasa bar sila at tumaas kaagad ang kilay ng binata nang makitang palapit siya. Tiyak na napansin nito kung sino ang kasama niya.

“What are you doing with that asshole now, anyway?” nakakunot ang noong tanong ng kaibigan. Ex-boyfriend din niya ito noong panahong akala niya ay madaling solusyon upang makalimutan niya ang unrequited love kay Wesley ang pagkakaroon ng boyfriend na kasing-guwapo nito.

How wrong she was. Niloko niya hindi lang si Connor, na naging mabuti sa kanya kundi pati ang sarili niya.

“Purely business lang ito. Kagabi ko lang siya ulit nakita. Sobrang unexpected nga,” sabi niya.

“Anong business pa ang kakailanganin sa ’yo maliban sa may kinalaman sa negosyo mo?”

Mamamatay na ba?”

Pinitik niya ito sa noo. “You wish. Pero matagal mamatay ang masamang damo, di ba?” ngiti niya. “Driver niya ’yung namatay, siya ang sasagot ng service.”

“Whoa, yaman!” Pagkuwan ay tiningnan siya ni Connor nang mataman. “So, kumusta ang puso natin?”

“*Rigor mortis* pa rin,” she said wryly. Wala siyang planong aminin sa kaibigan na buong gabi siyang hindi nakatulog sa kaiisip kay Wesley, na matagal na ring hindi nangyayari sa kanya.

Pero paano kalilimutan ang first love na lalong gumuwapo at mabango pa rin? Ang first love na kung dati ay parang laging naaalibadbaran kapag nakikita siya, ganoon na lang kung tingnan at ngitian siya ngayon?

Business lang, Sydney.

“Ows? Eh, bakit nanlalaki ang butas ng ilong mo?” pang-iinis pa ni Connor. “Namumula ka pa.” Dinutdot nito ang kanyang pisngi.

“Shut up!” Hinuli niya ang kamay nito. “Galing ako sa studio, okay? Ninety minutes akong nagsayaw.

After workout glow lang 'yan."

"Really, Sydney. Are you okay?" seryoso ang mukhang tanong nito.

"I'm fine. Huwag mo akong intindihi. Narito lang ang lalaking iyan to discuss business. Ano naman ang iba pang magiging agenda niya? Nuisance ako sa buhay niya, remember?" paalala niya. At hindi niya alam kung bakit maisip lang iyon ay parang nasasaktan pa rin siya.

"Hey..." Pinisil nito ang braso niya. "Tama na. Okay na, huwag ka nang malungkot," concerned na saad nito.

"Ano? Hindi ako nalulungkot, 'no!" Pinanlakihan niya ng mga mata ang kaibigan.

He sighed. "You're still as transparent as the first time I met you, Sydney. Kahit sabihin mong pusong bato ka ngayon, your eyes could easily betray you." He leaned close to kiss the top of her head. "Just don't let him get close enough to hurt you again, okay?"

Ilang sandaling nakatingin lang siya sa kausap. Ano ang pinagsasabi nito? Mukha ba talaga siyang affected pa rin kay Wesley? "Sure, Connor."

"Order whatever you like, treat ko sa 'yo ngayong

gabi, pero ikaw lang, ha. Siya magbabayad ng kinain niya.” Napatingin ito sa kung sinong nasa likuran niya at napangisi. “Sweet... Tasty... Divine!” panggagaya pa nito sa nagsasalita sa larong *Candy Crush* kapag may nabubuong rows.

Paglingon niya ay si Divine iyon, ang violinist sa bandang regular na tumutugtog sa *Cielito’s*, na kaibigan niya since college. Magkasalubong ang mga kilay ng babae habang nakatingin sa kanya.

“Was that the f”cking middlefielder?” tanong nito, humigpit ang hawak sa strap ng messenger bag na dala.

“Easy lang, Girl. Ayan, tanungin mo si Connor for updates.” Nangingiting tinapik ito ni Sydney sa balikat bago iniwan na ang dalawa at binalikan si Wesley. On the way ay ibinigay niya sa nadaanang waiter ang kanyang order.

“Sorry about that,” aniya habang paupo at binubuksan ang expandable folder. Kinuha niya ang isang kopya ng ipinangako niyang papeles dito. “Quotation at breakdown ng expenses, plus payment terms pati details. Nariyan na din ang contact information namin sa office.”

Tumaas ang isang kilay nito. “Business agad?”

How about relaxing, Sydney?”

“I am relaxed. Hindi lang ako maligoy pagdating sa negosyo. I don’t like bullsh*tting around, you know,” derechong sabi niya, making sure he understood that she was not exactly the sweet, naïve Sydney anymore.

He just shrugged. “How are you, Sydney?”

Mataman niya itong minasdan. “Alive. Good. Content... you?”

Ngumiti ito. “Quite a description. Me?” He leaned close. “Pleasantly surprised to see you, actually.”

“Surprised na buhay pa ako?”

“Surprised that you’re in an otherwise somber business.” Nakangiti pa rin ito si Wesley.

“Bakit ka naman magugulat, eh, di ba nga ang tawag ninyo sa akin dati ay Sadako o kaya Morticia?”

Natawa ito. “It was your hair then.” Ikiniling nito ang ulo. “I didn’t expect I’d ever see you with really short hair.”

Hindi alam ng dalaga kung bakit mabait ang lalaking ito sa kanya ngayon. Si Wesley na tila nakakalimutan dati na kaya pala nitong ngumiti kapag nasa paligid siya, nakikipag-small talk ngayon

sa kanya na para silang dating magkaibigan na nagkitang muli?

“Well, I can’t be Sadako for life,” she huffed. She drummed her fingers on the table. Sinubukan niyang huwag maapektuhan masyado ng kung paano siyang minamasdan ngayon ng kaharap. Na parang nagagandahan pa ito sa kanya sa halip na naaalibadbaran.

Because she was beginning to like it and it was unnerving her at the same time.

“I see you’re still friends with the same people. That’s cool,” komento ni Wesley na parang ito naman ngayon ang hindi makatagal sa katahimikan sa pagitan nila.

“They’re worth keeping,” simpleng sagot niya bago napatingin sa bar. Mukhang ina-update na ni Connor si Divine tungkol sa kanya.

Hindi alam ni Sydney kung bakit ganito ang nararamdaman niya ngayon. She had moved on. She knew exactly who and what she was in Wesley’s life, at matagal na niya iyong natanggap. Kaya hindi niya maintindihan kung bakit ngayong muli silang nagkita ay ganito siya.

Parang *déjà vu* na hindi mawari.

It didn't feel right and yet... napailing siya. Ano pa ba ang ginagawa niya rito? Naibigay na niya ang kailangan ng binata. Why did she ask him to dinner, anyway? She sighed. "You know, I'm sorry pero ngayon ko nga pala naipangako sa isang pamangkin ko na magsi-Skype kami. It's early afternoon in Birmingham at tiyak na online na siya." Tumayo siya, bitbit ang backpack at expandable folder.

Takang nakatingin lang ito sa kanya.

"Tumawag ka lang sa office kung may mga tanong ka pa. I have to go. Thanks," mabilis na sabi niya bago ito nilampasan. Ngunit nagawa ring makatayo kaagad ng kausap at napigilan siya nito sa braso.

"What?" nakakunot ang noong tanong niya.

He just looked at her, na parang nagulat din ito sa ginawang pagpigil sa kanya.

Her heartbeat began to race. She hadn't felt like this in years. And there was no way this man was going to be the reason for it now. Pumiksi siya at tuluyan na itong nilampasan.

Nagpunta siya sa bar kung saan takang nakatingin sa kanya sina Connor at Divine. "Pakibalot na lang 'yung order ko. Paki-deliver na lang sa unit ko, please," aniya sa lalaki na tumango lang. "And whatever you

Like A Magic Spell - Sachi Bliss

do, don't tell that f*cking midfielder where I live. I swear, alam ninyo kung saan kayo dederecho," pagbabanta niya sa dalawa na parehong natawa lang.

Mabilis ang lakad niya palabas ng restaurant. It was as if she couldn't stay in that place anymore.

3

“Sydney? What are you doing here?”

Gulat na nag-angat ng tingin si Sydney mula sa pag-aayos ng pagkakaipit ng visitor’s pass na ibinigay sa kanya. Ikinabit niya iyon sa collar detail ng suot na maroon wrap dress habang kauupo pa lang niya sa isa sa mga couches sa malawak na lobby ng office building ng *Asian Development Bank* o *ADB*.

She was met by Wesley’s inquiring eyes, who immediately took a seat near her. He looked dashing in a crisp powder blue button-down shirt and tailored dark pants. May nakakuwintas ditong ID. “You work here?”

Tumango ito. “Yes, for the past six years.”

She was impressed. Hindi biro ang makapasok at magawang manatili nang ganoon sa isa sa mga dream workplaces niya kung hindi siya napunta sa pagmamana ng *AFS*. “Cool,” aniya bago umayos ng upo. Bigla ay na-conscious siya nang mapansin kung saan napasulyap ang binata—at her crossed legs.

“I’m meeting someone here. Consultant siya sa Central Operations who’s from the family of one of

our suppliers for *AFS*,” dagdag niya. Supplier nila ng caskets ang tinutukoy niya, na every other month ay regular siyang nakikipagkita sa loob ng ilang taon na rin. Di iilang beses na ring dito mismo sa opisina siya pinaderecho ni Ate Vangie, how come she hadn’t seen him around?

“I see,” nakangiting sabi nito. “Magla-lunch ba kayo? Have you tried our cafeteria yet?”

“I love your cafeteria. Toxic yata ang imi-meet ko at di puwedeng lumabas pa so baka nga d’un kami,” matapat na sagot niya.

ADB Cafeteria is one of the best she’d ever been to. Mas masarap pa sa karamihang restaurants na nasa malls ang pagkain doon, mas diverse pa dahil nahahati sa maraming sections representing different cuisines from around the world. Malawak din iyon at skylit kaya maganda ang ambiance kahit kadalasang napupuno ng kumakain.

“You’re wearing a dress. Looks good on you.”

Napakurap siya. Wesley was indeed looking at her as if he really found her beautiful. Hindi talaga siya masanay na ganito ang lalaki. Hinila niya ang laylayan ng damit na hanggang tuhod ang haba, ngunit dahil sa gawa sa stretch material at A-line ang

tabas ay tumataas kapag nauupo siya.

Galing siya sa pakikipag-meeting sa ilang opisyal ng bangkong pinaglalagakan ng pera ng AFS kaya ganito ang suot niya. Hindi siya madaling ma-conscious. She was not used to having anybody even throw her a second look especially if they knew what her business was.

But Wesley was eyeing her like she was a normal corporate hotshot. Again, it was weird. Unnerving.

At hindi rin niya maintindihan kung bakit ganoon ang kanyang nararamdaman. It had been years.

“What’s going on, Wesley?” hindi na nakatagal na tanong niya.

Nangunot ang noo nito. “What’s going on with what?”

“With you,” she sighed. “I know we had business with each other a week ago at tapos na iyon, so bakit hanggang ngayon ay ganyan pa rin ang trato mo sa akin gayong puwede namang hindi mo ako pansinin?”

“May mali ba sa pagtrato ko sa ’yo ngayon?”

“Hindi ako sanay. You were never... this nice to me. Honestly, I am dubious.”

“That was years ago, Sydney.” Mataman siya nitong tinitingnan. “You’re not over that?”

“Being over it doesn’t stop me from remembering, Wesley. Kahit ayaw ko na ngang alalahanin. Pero kapag nakikita kita, hindi puwedeng hindi iyon ang maisip ko,” pahayag niya.

“I was that bad?” His expression softened.

Napailing siya. “You were cruel, Wesley. At mahirap paniwalaan itong ipinapakita mo dahil nilinaw mo na dati pa na kahit kailan, hindi magbabago ang tingin mo sa akin. And I understand. Really.”

“Am I not allowed to change my mind?”

“Hindi kapani-paniwala.”

Ilang segundong nakamasid lang sa kanya ang lalaki, na matapang niyang sinalubong. Sydney’s heart was once more racing like a thousand warhorses running in the battlefield, but she kept her eyes on him. Kailangan niyang ipakita sa lalaking ito na hindi siya nito basta matitinag, at hindi na nito muling magugulo ang buhay niya.

“You have changed, Sydney.”

Tumango siya, taas-noo. “Yes.” Hinawakan niya ang dalang bag nang makitang nagmamadaling

naglakad palapit si Ate Vangie at nakangiti sa kanya. “You made me who I am now. Thanks,” hindi nakatiis na dagdag niya, sabay tayo.

Tumayo rin si Wesley, hindi inaalis ang tingin sa kanya. “Do I have the power to make you even half of what you were before?” Hindi niya alam kung bakit may nakikita siyang lungkot at desperasyon sa mga mata nito.

Sinulyapan lang niya si Wesley. “No.” Sinalubong ni Sydney ang bagong dating. “Ate Vangie!” Nagpalitan sila ng beso bago may iniabot ito sa kanya na paper bag. Alam niyang pasalubong na Kapampangan delicacies ang laman niyon.

“May kakilala ka pala dito?” Curious na tumingin ang nakatatandang babae kay Wesley, na nakipagkamay at nagpakilala rito. “Familiar ka nga,” nakangiting saad nito.

“Schoolmates kami back in college at nagkita din kami noong isang linggo dahil kaibigan niya’yung sinerbisyuhan namin,” paliwanag niya, sabay humawak sa braso nito. “Kain na tayo, Ate. Gutom na ako.”

“Why don’t you join us, Wesley?” alok pa ni Ate Vangie.

“Ate, may imi-meet siya for lunch,” agaw niya at halos hilahin na ang kaibigan palabas habang matamang nakatingin kay Wesley. “Tara na.”

Nagpahila naman sa kanya ang babae. Si Wesley ay nanatiling nakatingin sa kanya. “I’ll see you around, Sydney.”

Hindi siya sumagot. Nagpatuloy lang siya sa paglalakad patungo sa direksyon ng cafeteria.

She tried not to make much of what he said, yet her heart continued to beat faster than usual.

Na parang alam nito, at tila nasasabik pang tutupad si Wesley sa sinabing iyon.

“F*Cking Middlefielder.”

Kumabog ang dibdib ni Sydney nang sa pagpasok ni Sharleen sa pinakadulong studio ng *Footworks* kung saan kapwa sila nagte-take ng dance lessons bilang workout ay iyon kaagad ang lumabas sa bibig nito.

“What?” tanong niya sa kaibigang abala sa pagtatali ng buhok.

“Nasa labas si Number Seventeen F*cking

Middlefielder,” ulit pa nito sa nakagawiang tawag ni Connor at ng ibang kaibigan niya kay Wesley. Kasamahan niya dati sa isang design-oriented organization si Sharleen at kaibigan din nila ni Divine simula pa noong college kaya kilala rin nito si Wesley.

“Muntik ko na ngang sapakin n’ung makita ko. Kaya lang nag-*good evening*, eh.” Naglagay ito ng headband bago itinaas ang kanang kamay na nakabalot ng panyo at amoy eucalyptus. “At may sprain ako. Sayang,” ngiti nito.

“Ano ang ginagawa niya dito?” nangungunot ang noong tanong ni Sydney. Huminga siya nang malalim.

“I asked. Alam daw niya na may lessons ka kapag Tuesday at Friday.” Tiningnan siya nito nang mataman. “Akala ko business lang? Bakit alam ang schedule mo?”

“Si Robin ang nagsabi n’ung hanapin ako sa office dati, n’ung may business pa kami.” Tumayo siya at nagsimula ng warm-up stretches. “Hindi ko alam kung bakit siya narito.”

“Baka may business chu-chu na naman.” Ginaya ni Sharleen ang ginagawa niya. “He looks healthy at di pa mukhang mamamatay.”

“Ganyan din ang comment dati nina Connor at

Divine,” natatawang sabi niya. “I’m actually dubious, Shar.”

“Dapat mo lang talagang pagdudahan ang mga monster na biglang bumabait.” Biglang nanlaki ang mga mata nito. Si Sharleen kasi ang nakaharap sa bandang pinto. “Tingnan mo ang kinaray ni Concon.”

Takang tiningnan ni Sydney ang sinasabi nito at pakiramdam niya ay nanlaki naman ang kanyang ulo nang makitang kausap ng kanilang instructor at may-ari ng *Footworks* na si Conrad o Concon ang lalaking iniiwasan niya. Si Wesley na naka-roll up na sa braso ang suot na cream button-down shirt, at nakayapak na rin gaya nila. “What the hell...!” bulong niya.

Tinawag ni Concon ang atensyon ng lahat. Eighteen sila sa klaseng iyon at karamihan ay mga foreign exchange students na Russian o Korean na nakatira rin sa *Brighton Place*. Ang iba ay young mothers na figure conscious, at ang iba naman ay nagte-training upang mag-compete.

“This is Wesley Rodriguez. May hinihintay daw siya sa labas at nakakaawa namang paghintayin ang ganito kaguwapo ng ninety minutes, di ba? Right, Helena?” tanong nito sa isang magandang Russian student na nag-thumb up sign lang na parang naintindihan nito ang pinagsasabi ni Concon.

“Anyway, I got him to our free trial lessons.” Dumako ang tingin ng instructor sa kanilang dalawa ni Sharleen. “And these are my trial girls.” Ngumisi ito. Kapag may bagong estudyante kasi ay sa kanila muna ipinapares dahil mga beterana na raw sila sa studio nito. “Take your pick, gorgeous,” nagpapa-cute pang sabi ni Concon na hindi gaanong halatang bading dahil guwapo at maganda ang katawan. Pinsan ito ni Connor at isa sa namamahala sa *Brighton Place* na ang pamilya ng mga ito ang nag-develop.

Nagkatinginan sila ni Sharleen. Mukhang hindi nito gusto ang ideya. “Baka biglang matupad ang sinabi ko kanina,” bulong nito, sabay taas ng kamao.

“Sydney,” narinig niyang tawag sa kanya at muntik nang mapamura nang sa pagbaling sa kaliwa ay makitang nakatayo na sa tabi niya si Wesley. Amused ang expression nito habang nakamasid sa kanila ng kaibigan niya, na nginisihan pa siya.

Resigned na iminuwestra niya sa lalaking pumuwesto sa harap habang si Sharleen ay si Concon ang partner.

“What are you doing here, anyway?” mahinang tanong niya sa binata habang inaayos pa nina Concon ang AVP para sa lesson sa gabing iyon. She bit her tongue to keep from groaning out loud when she

remembered na umpisa pala ng Beginner's Tango nila dahil tapos na noong isang linggo ang swing.

“He invited me for a free trial,” sagot ni Wesley, sabay tango kay Concon.

“I mean, here. In *Brighton*. Bakit ka nasa labas? What do you need, Wesley?”

Tumingin ito sa kanya. “I said I'd see you, right?”

Nainis si Sydney. “Why would you want to do that, Wesley?”

He just gazed at her. A tender, knowing look in his eyes. “Because I couldn't stop thinking about you since I saw you again a couple of weeks ago,” mahinang tugon nito. “At gusto kong malaman kung bakit.”

Sydney just stared at him. Pinagloloko ba siya ng lalaking ito? “Do you think I'd—”

“Tango, as a dance, is said to mimic seduction. Like a prelude to that moment when a couple finally kiss, or even make love.”

Natikom ang bibig ng dalaga sa narinig na pinagsasabi ni Concon habang nagpa-flash sa projector screen ang ilang video clips ng mga parehang nagsasayaw ng tango. She had heard that

spiel and seen this AVP several times, but it was the first time that she ever felt that tingling sensation in her nape, the cool shivers down her spine as she realized that she was about to perform this so-called dance of seduction with Wesley.

Ni hindi nga siya makalapit nang todo sa lalaking ito noon, dahil kaagad itong lumalayo. Pagkatapos ngayon ay kakailanganin nilang maglapit, at hawakan ang isa't isa nang ganoon na lang?

“This is also one of those dances where the eyes and facial expressions play a good part. This is about the initial hesitation, reluctance, then persuasion and eventually giving in.” Concon and Sharleen stood two feet apart, facing each other. “On your places, everyone!” sabi nito.

Napapabuntong-hiningang itinulak niya bahagya si Wesley, hanggang sa magaya nila ang position ng mga parehang susundin nila.

“Don’t worry. Madali naman akong matuto.”

Hindi kumibo si Sydney. Kabisado na niya ang sayaw na ito, at gaya ng ginagawa sa ibang beginners ay siya ang magli-lead, ang magdadala sa paraang mararamdaman ng kasayaw niya na kaya nito ang ginagawa nila gaano man kakomplikado ang steps.

The music began, and so did Concon's instructions.

Mula sa kanilang puwesto ay inabot nila ni Wesley ang isa't isa. Her hand reached for that crook between his neck and shoulder, while his hand skimmed her waist. Magaang lang ang hawak nito sa kanyang baywang, ngunit para nang may humahalukay sa tiyan niya sa kaba.

Kapwa sila mabagal na humakbang patagilid, clockwise, habang hindi inaalis ang tingin sa isa't isa hanggang sa makompleto nila ang pag-ikot. Sa sandaling makabalik sila sa posisyon kanina ay umikot siya nang dalawang beses, hanggang sa tuluyan silang magkalapit, at halos magdikit ang mga katawan. Pareho silang nakahawak pa rin sa baywang at balikat ng isa't isa. But now their free hands have found each other, and their fingers have intertwined.

"Just follow," mahinang sabi niya habang humahakbang paatras, pabalik, iginigiya ito paikot.

Nanatili ang tingin ni Wesley sa kanya, na unti-unting napapalitan ng fascination dahil sa mukhang mabilis at komplikado ngunit suwabe nilang paggalaw.

She was grateful that she could hear Concon's instructions and intent on following it to the letter, kaya hindi siya gaanong na-co-conscious kung gaano

silang kalapit ni Wesley.

“You’re very good at this,” bulong nito matapos nilang maghiwalay bago biglaang maglapit.

Muntik na siyang mapapikit. His hot breath tickled the side of her face. And he was now holding her tighter around the waist, as if afraid she would fall, or to let her go.

“I’m a trial girl,” sagot niya, derechong nakatingin dito. “At hindi ko pa rin maintindihan kung bakit ka narito.”

“Nasabi ko na, hindi ba? I want to see you.”

“You already saw me a few times before this. Ano talaga ang kailangan mo, Wesley?” Umikot siya palayo rito bago sila muling humakbang paikot sa isa’t isa at naglapit.

“Honestly, hindi ko rin alam, Sydney. And that is exactly what I want to find out.” Pinagdikit nito ang kanilang mga noo. “Why I keep wanting to see you.”

“You make it sound as if you’re under a spell or something.”

“And that is exactly what it feels like... parang magic spell,” nakangiting sang-ayon ng kapareha.

“Which I think is the only thing that could make you want to be with me, huh,” turan ni Sydney, nakakaunawa na ngayon. Bumaba ang kamay niya sa dibdib nito at bahagya itong itinulak palayo.

Tapos na ang tugtog.

“Sydney, you know that’s not what I meant,” protesta nito.

“What else could it be, Wesley? Don’t tell me gusto mo na ako ngayon? Dahil utang na loob, tiyak na na-magic ka na naman,” sarkastikong sabi niya.

“Bakit hirap kang paniwalaan na posibleng may nagbago na, Sydney? We’re not in college anymore. Hindi ba puwedeng gustuhin ko na bigyan naman ng chance ngayon ang sarili ko na kilalanin ka?”

Napailing siya. “Ang dami kong ibinigay na pagkakataon sa ’yo noon, Wesley. And even then, you already knew me, that much. Yet you still declared to everyone, and made sure I knew that you will never like and accept who I am.” Kinawayan niya ang isang pares ng young mommies. “I’ve ran out of chances, sorry.” Bumaling siya sa lumapit na dalawang babae.

“This is Ate Maybelle. She’s really good at sa tingin ko mas magaling ka niyang madadala sa susunod na gagawin mamaya.” Nginitian niya ang

Like A Magic Spell - Sachi Bliss

babae. “Kami naman ni Ate Janna ang partner, ha.”

“Sure, Babe,” nakangiting saad ni Ate Maybelle. Mabilis na iniwan na niya ito kay Wesley at niyaya na si Ate Janna sa kabilang bahagi ng studio.